

PIVOT^{4A}

LEARNER'S MATERIAL

FILIPINO

GRADE 5



QUARTER 3
Key Stage 2 SLM

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Unang Edisyon, 2021

Filipino

Ikalimang Baitang

Job S. Zape, Jr.

PIVOT 4A SLMs Development Lead

Realyn F. Belen & Fe P. Ila
Content Creator & Writer

Elena L. Lopez
Internal Reviewer & Editor

Realyn F. Belen & Fe P. Ila
Language Editors

Fe M. Ong-ongowan, Roy C. Escalon & Realyn F. Belen
Layout Artist & Illustrator

Jewel L. Cabrera & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

PIVOT 4A CALABARZON Filipino G5

Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

Para sa Tagapagpadaloy

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang **Filipino**. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naaayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

Salamat sa iyo!

Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang sagot sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi nito. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga gawain sa pagkatuto.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat gawain.
3. Maging tapat sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong magulang o tagapag-alaga, o sinumang mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

	K to 12 Learning Delivery Process	Nilalaman
Panimula (Introduction)	Alamin	Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na resulta ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin.
	Suriin	
Pagpapaunlad (Development)	Subukin	Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga aktibidad, gawain at nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral. Ang karamihan sa mga gawain ay umiinog sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC. Layunin nito na makita o matukoy ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan.
	Tuklasin	
	Pagyamanin	
Pakikipagpalihan (Engagement)	Isagawa	Ang bahaging ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga Knowledge Skills at Attitudes (KSA) upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kaniyang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa Pagpapaunlad o D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain sa buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kaniyang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto.
	Linangin	
	Ilangkop	
Paglalatap (Assimilation)	Isaisip	Ang bahaging ito ay maghahatid sa mag-aaral sa proseso ng pagpapakita ng mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga upang makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kaniyang kaalaman sa pagbibigay ng epektibong repleksiyon, pag-uugnay o paggamit sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na magbibigay sa kaniya ng pagkakataong pagsama-samahin ang mga bago at dati ng natutuhan.
	Tayahin	

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng Worktext at Textbook na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid ng kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI.

Gamit ng Pang-abay at Pang-Uri sa Paglalarawan

Aralin

I

Inaasahan na pagkatapos ng araling ito ay matutukoy mo ang mga salitang naglalarawan at magagamit ang iba't ibang uri ng pang-uri at pang-abay sa paglalarawan. Alam mo ba na kulang ang isang pahayag kapag hindi ka naka-paglalarawan?

Kailangan mong mailarawan ang mga bagay na iyong nakikita, naririnig, naaamoy, natitikman at nahahawakan upang higit na maging epektibo ang iyong pagpapahayag.

Sa paglalarawan ng mga ito ay gumagamit tayo ng mga pang-uri at pang-abay. Ang **pang-uri** ay mga salitang nagbibigay-turing o naglalarawan sa pangngalan o panghalip. Maaari nitong ilarawan ang isang tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari. Halimbawa: kulay - pula, hitsura- maganda, bilang- lima, laki- maliit, dami- isang kaban, hugis – bilog.

May tatlong uri ng pang uri. Ito ay ang mga:

1. **Pang-uring panlarawan** – Ito ang mga pang-uring naglalarawan sa kulay, hugis, laki, ugali at iba pang katangian ng pangngalan o panghalip. Halimbawa: **Tahimik** na lugar ang Sagada.
2. **Pang-uring pantangi**- Ito ang pang-uring nasa anyo ng pangngalang pantangi at naglalarawan ng pangngalan. Nagsisimula ito sa malaking letra. Halimbawa: **Mahusay** siyang magsalita ng wikang Filipino.
3. **Pang-uring pamilang** – Ito ang pang-uring naglalarawan sa bilang o dami ng pangngalan o panghalip. Halimbawa: Mayroon akong **dalawang** kuya at isang ate.

Sa paggamit ng pang-uri, tiyaking angkop ang salita sa inilalarawan nito. Halimbawa, maaaring sabihin “matangkad” ang isang tao, ngunit hindi anag isang gusali. Ang angkop na pang-uri para sa isang gusali ay “mataas”.

Ngayon naman ay tunghayan mo ang pang-abay at mga uri nito. Ang **pang-abay** ay bahagi ng pananalitang naglalarawan kung paano, saan, at kailan ginawa, ginagawa, o gagawin ang kilos o galaw na isinasaad ng pandiwa. Ito ay mga salitang naglalarawan ng pandiwa, pang-uri, o sa kapwa pang-abay.

May iba't ibang uri ng pang-abay: pamaraan, panlunan, at pamanahon. Ang **pang-abay na pamaraan** ay sumasagot sa tanong na “paano” isinasagawa, isinagawa, o isasagawa ang isang kilos. Ginagamit itong panuring sa pandiwa, pang-uri at kapwa pang-abay.

Halimbawa:

a) **Panuring sa Pandiwa**

Si Jia ay **taimtim** na nanalangin para sa mga biktima ng COVID- 19.

b) **Panuring sa Pang-uri**

Sadyang **masigla** ang pananaw sa buhay ng Tatay niya.

c) **Panuring sa kapwa Pang-abay**

Talagang **mabilis** umunlad ang buhay ng mga taong matiyaga. Mapapansin mo na ang mga inilalarawan ng mga salitang nakasalungguhit ay ang mga ginawa ng mga tauhan sa pangungusap.

Ang **pang-abay na panlunan** ay sumasagot sa tanong na “Saan” isinasagawa, isinagawa, o isasagawa ang isang kilos. Ito ay pinangungunahan ng katagang **sa**.

Halimbawa:

1. Ang malapalasyong bahay ay itinayo sa gilid ng bundok.
2. Sa paaralan ko natutuhan ang pagiging mapagbigay.
3. Kinuha ko sa kabinet ang aking mga lumang damit at laruan.

Hindi ba’t inilalarawan ng mga salitang may salungguhit kung saan ginawa ang kanilang mga ikinilos? Ang palatandaang sa ay makatutulong din sa pagtukoy kung ang mga salita ay pang-abay na panlunan.

Ang **pang-abay na pamanahon** ay sumasagot sa tanong na “Kailan” isinasagawa, isinagawa, o isasagawa ang isang kilos.

Ito ay may apat na uri:

- | | |
|--------------------|--|
| a) Payak | Halimbawa: bukas, mamaya, ngayon |
| b) Maylapi | Halimbawa: kagabi, samakalawa |
| c) Inuulit | Halimbawa: araw-araw, gabi-gabi, taon-taon |
| d) Parirala | Halimbawa: sa Linggo ng umaga, |

Halimbawa:

1. Darating ang aking bisita sa Linggo ng umaga.
2. Taon-taon ay pumupunta kami sa Tagaytay upang mamasyal.
3. Malakas ang lindol kagabi.

Sa paggamit ng pang-abay na pamanahon, gumagamit ng mga salitang nagtatakda ng panahon

Ang **pang-uri** at **pang-abay** ay parehong mga salitang naglalarawan. Ang pang-uri ay naglalarawan sa mga pangngalan at panghalip samantalang ang pang-abay naman ay naglalarawan sa pandiwa, pang-uri, at isa pang pang-abay.

D


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Punan ng angkop na pang-abay ang patlang sa pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon .Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

mabuti Masiglang Hinay-hinay Manila Bay Mamayang gabi

1. _____ ipinaliwanag ng guro sa mga mag-aaral ang pinagmulan ng lahing Pilipino
2. _____ na umandar ang mga sasakyan habang nasa kahabaan ng madulas na daan.
3. Umalis papuntang _____ ang mag-anak na Santos.
4. _____ makikilala na ni Ada ang kanyang nawawalang kapatid.
5. Minasdan naming _____ ang naggagandahang mga parol habang kumikinang- kinang ang mga ito.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Pagmasdan ang larawan ng Bulkang Taal. Umisip ng tatlong pang-uri at dalawang pang-abay na naglalarawan sa bulkan at gamitin ito sa pangungusap. Maaari mong iugnay sa iyong mga pangungusap ang sariling karanasan mula nang sumabog ito hanggang sa kasalukuyang kalagayan nito.



Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari at Pagbuo ng mga Tanong

Aralin

I

Sa araling ito matutuhan mo na ang pagsusunod-sunod sa mga pangyayari ay batay sa kuwentong napakinggan at ayon sa pagkakaganap ng bawat sitwasyon.

Tatalakayin din sa araling ito kung paano makabubuo ng mga tanong matapos mapakinggan ang isang salaysay. Ang bawat kuwento ay may tinatawag na **banghay**. Ang banghay ay tumutukoy sa maayos at malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento o paksa.


May mga bahagi din ito.

Simula- sa bahaging ito mababanggit ang mga kilos, paglinang sa tao, mga hadlang, problema at suliranin.

Gitna- ang bahaging ito ay naglalaman ng maayos, sunod sunod at magkakaugnay na mga pangyayari.

Wakas o Katapusan-sa bahaging ito nagkakaroon ng kalutasan at solusyon sa mga problema at suliranin ng isang akda.

Tingnan ang halimbawa ng isang story map



D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahin ang kuwento sa susunod na pahina. Sagutin ang mga tanong pagkatapos.

Ang Mahiwagang Buslo

May mag-ina na nakatira sa tabi ng maliit na sapa sa gitna ng bukid sa nayon ng Busubisi. Sila ay si Aling Huling at si Lala. Si Lala ay isang batang maliit. Katu-katulong siya ng kanyang nanay sa mga gawaing-bahay. Ang tatay niya ay namatay sa sakit noong siya ay maliit pa, kaya't siya na lamang ang kasama ng kanyang nanay. Nangingisda ang kanyang nanay tuwing madaling araw at ang kaniyang mga huli ay dinadala sa palengke para itinda. Ito ang kinukuhanan nila ng kanilang ikinabubuhay.

Minsan, nagkasakit si Aling Huling at siya ay hindi makapangisda. Nagpaalam si Lala sa kanyang ina na siya na lamang ang pupunta sa sapa upang mangisda at dumiretso sa palengke upang itinda ang kanyang mahuhuli.

Hindi pa siya nakalalayo ay may nakasalubong siyang isang matandang babae na tila bigat na bigat sa kaniyang kipkip na balutan.

Tinulungan ni Lala ang matandang babae na dalahin ang kipkip nito at nag-alok na ihahatid ito sa bayan kung saan daw ito patungo. Kahit tumanggi na ang matanda na siya ay ihatid pa, nagpilit si Lala na tulungan ito. Dahil sa ipinamalas na kabutihan at kasipagan ni Lala, labis itong hinangaan ng matanda.

Bago naghiwalay ang matanda at si Lala binigyan siya ng matandang babae ng isang buslo at sinabing lagi itong gamitin sa pangangisda. Nagpasalamat si Lala sa matanda at patakabong tumungo sa sapa. Paglusong niya sa tubig, inilublob niya ang buslo upang ito ay mahugasan, halos hindi niya mabuhat ang buslo sa bigat sapagkat ito'y punong-puno ng isda. "Mahiwagang buslo pala ito!" ang nasabi ni Lala sa kaniyang sarili. Mula noon, naging masagana na ang pamumuhay ng mag-ina dahil sa buslong ibinigay ng mahiwagang matanda kay Lala.

Punan ang patlang ng panandang tanong na makikita sa kahon.

Saan	Ano	Sino	Paano	Bakit
------	-----	------	-------	-------

1. _____ ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. _____ ang kanyang ginagawa upang matulungan ang kaniyang ina?
3. _____ patungo ang matandang kanyang tinulungan?
4. _____ tinulungan ng bata ang matanda?
5. _____ ginantimpalaan ng matanda ang batang babae?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari mula sa kwentong napakinggan, Isulat ang bilang 1-5 at ilagay sa sagutang papel ang inyong sagot.

____ Naglalakad si Lala sa daan papuntang sapa upang mamingwit ng isda na ititinda niya sa palengke.

____ Binigyan ng matanda si Lala ng isang buslo na maaari niyang gamitin sa pamimingwit ng isda araw-araw.

____ Nakasalubong niya ang isang matanda na maraming dalahin. Tinulungan siya ni Lala.

____ Nagpaalam si Lala sa kanyang ina na mamimingwit siya ng isda sa sapa.

____ Nabigla si Lala sa mga isdang nahuli gamit ang mahiwagang buslo.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Basahin ang kuwento sa ibaba. Sagutin ang mga tanong pagkatapos.

Ligtas ang Malusog at Malinis

ni Realyn F. Belen

Si Emman ay isang batang malusog at malinis sa katawan. Araw-araw niyang ginagawa ang mga gawain na nagsisilbing gabay niya upang maging masigla at malusog araw -araw lalo na sa panahon ng pandemya.


Sa umaga, pagkagising niya kaagad niyang nililigpit ang kanyang hinigaan at mabilis kinukuha ang bimpo at naghihilamos ng mukha kasabay ang pagmumumog. Matapos iyon ay tumutulong siya sa kanyang nanay upang maghanda ng almusal. Mahilig kumain ng masustansyang pagkain si Emman. Kumakain siya palagi ng gulay at prutas na inaani nila sa likod ng kanilang bakuran. Kumakain din siya ng isda at umiinom ng Vitamin C upang palakasin ang kanyang resistensya. Araw-araw din siyang naliligo upang mapanatiling malinis ang kanyang katawan.

Hindi siya nagkakasakit dahil sa pangangalaga niya sa kaniyang katawan.

Batay sa kuwentong binasa, gumawa ng limang tanong gamitin ang mga panandang tanong sa pagbuo nito.

- 1.Sino _____?
2. Ano _____?
- 3.Saan _____?
- 4.Bakit _____?
- 5.Paano _____?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Mula sa narinig mong kuwento, punuin ang balangkas ng kuwento ayon sa iyong pagkaunawa, sariling karanasan sa paksa at pagkakasunod-sunod nito. Isulat ito sa iyong sagutang papel.



RUBRIKS SA PAGGAWA NG BALANGKAS

Pamantayan	Nilalaman		
	3	2	1
	Tama ang pagkakasunod ng mga pangyayari at wasto ang pagkakagawa ng mga pangungusap	Tama ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ngunit hindi gaanong nakaayos ang mga pangungusap	Hindi tama ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari at hindi gaanong maayos ang pagkakagawa ng mga pangungusap
Organisasyon	Tama lahat ang margin, bantas at gamit ng Malaki at maliit na titik sa talata	May mga bahaging tama ang margin, bantas at gamit ng Malaki at maliit na titik at may mga bahaging kailangang itama sa talata	Hindi lahat ng pangungusap ay may tamang margin, bantas at gamit ng Malaki at maliit na titik sa talata

A

Tignan naman natin ngayon ang malalim mong pag-unawa sa aralin. Punan ang patlang ng tamang salita upang mabuo ang diwang nais ipahatid. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Ang tamang pagkakasunod-sunod sa mga pangyayari ay nakabatay sa kwentong _____ at ayon sa _____ ng bawat sitwasyon.

Isang paraan ng pag-unawa ang pag-alaala sa mga detalye ng binasa o napakinggang salaysay/kwento. Ang mga tanong na _____, _____, _____ at _____ ay tungkol sa detalye. Ang pangalan ng tauhan, kilos at sinabi ay karaniwang _____ upang maalaala ang detalye.

Pag-uulat Tungkol sa Napanood/Pagsusuri sa mga Tauhan/ Tagpuan sa Napanood at Pagbabahagi ng Pangyayaring Nasaksihan

I

Aralin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapag-uulat, makapagsusuri at makapagbabahagi ng napanood at nasaksihang pangyayari ayon sa mga tauhan at tagpuan.

Narito ang ilang mga kaalaman na maaaring makatulong sa iyo para sa araling ito.

- Ang pagsulat ay isang pagpapahayag tungkol sa mga pangyayaring naganap. Maaring ito ay mula sa napanood, o naranasan. Ito ay maaaring gawin ng pasalita o pasulat.

- Sa pagsasalaysay o pagbabahagi ng pangyayaring nasaksihan, gumamit ng salitang naglalarawan upang maging kawili-wiling pakinggan ang kuwento. Isaayos ang kuwento sa wastong pagkakasunod-sunod. Gamitin ang malaking titik at mga bantas na kailangan.

-Upang makapag-ulat o makapag bahagi ng pangyayaring nasaksihan, ito ang mga bagay na dapat tandaan:

-Maging maingat sa pagsasalaysay ng pangyayari. Dapat na ito ay batay sa totoong pangyayari/napanood. Ilahad ito ayon sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari upang malinaw itong maibahagi

- Hindi dapat madagdagan o mabawasan ang mahahalagang pangyayaring ibinahagi.
- Gumamit ng mga salitang karaniwan o mga salitang madaling maunawaan.

- Gawing payak o simple ang mga pangungusap.

- Gumamit ng mga salitang naglalarawan upang mas kawili-wiling pakinggan o basahin ang kwento

- Dapat na magkakaugnay ang mga pangungusap
- Ang pagsusuri ay tumutukoy sa masusing pag-aaral at pag-observa

Tauhan – Ito ang tawag sa mga gumaganap sa kuwento. Ang katangian ng alinmang tauhan sa kuwento ay makilala sa pamamagitan ng anyo, kilos, salita at ugali. Mailalarawan ang mga katangiang ito ng tauhan sa tulong ng mga salitang naglalarawan..

Tagpuan- Ang tagpuan ay tumutukoy sa panahon at lugar kung saan nangyari ang kwento.

Lubos na nasusuri ang tauhan, tagpuan at mga pangyayari sa napanood na pelikula kung uunawain at tatandaan ang mga pangyayari sa pelikulang napanood. Mahalagang matutunan natin ang mga kasanayang ito upang maging responsable sa pagbibigay ng ulat o sa pagbabahagi ng isang pangyayaring nasaksihan.

D

Ngayon ay subukin natin kung iyong natutuhan ang mga tinalakay na aralin. Gawin mo ang mga sumusunod na gawain.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Panoorin ang isang maikling pelikula sa link na makikita sa ibaba . Pagkatapos manood ay sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

<https://www.youtube.com/watch?v=aYIxhcI6-0U>

(Si Goyo, Ang Batang Heneral, mula sa Knowledge Channel)

Sagutin ang mga sumusunod ayon sa iyong napanood.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Saan naganap ang maikling pelikulang iyong napanood?
3. Kailan naganap ang kuwento?

E

Gawain sa Pagkatuto bilang 2: Suriin ang mga tauhan, tagpuan at mahalagang pangyayari sa napanood na pelikula o video clip.(Si Goyo, Ang Batang Heneral, mula sa Knowledge Channel)

Tauhan	Tagpuan	Mahalagang Pangyayari

Gawain sa Pagkatuto bilang 3: Magbahagi ng isang pangyayari naranasan mo na may kaugnayan sa binasa o napanood mong pelikula o video clips. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

A

Tignan naman natin ngayon ang malalim mong pag-unawa sa aralin.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Marami tayong napapanood sa telebisyon tungkol sa mga nangyayari sa bansa kaugnay ng pandemya mula pa noong Marso noong nakaraang taon. Maging tayo, sa ating pamayanan, ay apektado ng kaganapang ito.

Sumulat ng isang ulat o pagbabahagi ng mga pangyayaring napanood o nasaksihan sa iyong paligid na may kaugnayan sa pandemya. Isulat ito sa iyong sagutang papel. Gamitin ang rubriks bilang gabay sa iyong gagawin ulat.

RUBRIK SA PAGSULAT NG ULAT

Pamantayan	Nilalaman		
	3	2	1
Nilalaman at Kalinisan	Madaling maunawaan at malinis ang pagkakasulat ng ulat tungkol sa pangyayaring nasaksihan o napanood	Nauunawaan ngunit hindi gaanong malinis ang pagkakasulat ng ulat tungkol sa pangyayaring nasaksihan o napanood	Hindi maunawaan at hindi malinis ang pagkakasulat ng ulat tungkol sa pangyayaring nasaksihan o napanood

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Bilang isa ka sa apektado ng mga nangyayari sa paligid, ikaw ay maituturing na tauhan dito. Paano mo mailalarawan ang iyong sarili?
2. Paano mo ilalarawan ang iyong kapaligiran? Alamin natin kung ano-ano ang iyong natutunan sa ating aralin ngayon. Punan ng wastong salita upang mabuo ang pahayag. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Panoorin ang maikling pelikula mula sa link na nasa ibaba. Pagkatapos ay sumulat ng isang pag-uulat tungkol sa pangyayaring nasaksihan sa iyong pinanood. Gamitin ang rubrik bilang gabay sa iyong gagawin ulat.

<https://www.youtube.com/watch?v=ivujE-VEEWA>

(Alamat ng Bahaghari)

Pamantayan	Nilalaman		
	3	2	1
Nilalaman at Kalinisan	<p>Madaling maunawaan at malinis ang pagkakasulat ng ulat tungkol sa pangyayaring nasaksihan o napanood</p> <p>Nailalahad sa ulat ang nakita sa pagsusuri sa tauhan at tagpuan</p>	<p>Nauunawaan ngunit hindi gaanong malinis ang pagkakasulat ng ulat tungkol sa pangyayaring nasaksihan o napanood</p> <p>Nailalahad sa ulat ang nakita sa pagsusuri sa atuhan at tagpuan ngunit may hindi malinaw na bahagi ng paguulat</p>	<p>Hindi gaanong maunawaan at hindi malinis ang pagkakasulat ng ulat tungkol sa Pangyayaring nasaksihan o napanood</p> <p>Hindi nailahad sa ulat ang nakita sa pagsusuri sa tauhan at tagpuan</p>

Paggawa ng Timeline/Pagsasalaysay ng Napakinggang Teksto/Opinyon o Katotohanan

I

Aralin

Ang **timeline** ay isang grapikong pantulong na nagpapakita ng pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng linya. Tumatalakay ito sa salitang oras o panahon. Sa madaling kahulugan, ito ay talahanayan ng mga importanteng kaganapan sa mga nakaraang taon. Maari din namang listahan ng mga partikular na kaganapan na lumipas na. Maari din itong isang plano na nagpapakita kung gaano katagal aabutin ang isang bagay o kailan mangyayari ang mga bagay. Ang **timeline** ay nagsasabi ng petsa at kaganapan ng isang pangyayari, buhay o ng kasaysayan.

Ang **katotohanan** ay anumang pangyayaring totoo o tinatanggap na totoo dahil sa mga katanggap-tanggap na patunay.

Ang **opinyon o palagay** ay nagsasaad ng haka-haka o kuro-kuro batay sa sariling paniniwala tungkol sa isang paksa. Isa sa mga paraan ng pagkilala sa opinyon ay ang mga salita o pariralang ginagamit tulad ng mga sumusunod- sa aking palagay, maari ,siguro, marahil, ayon sa pananaw ng /ni ,at iba pang katulad ng mga ito. Gayunpaman, hindi lahat ng pagkakataon ay makikilatis ang opinyon sa pamamagitan ng mga salita o pariralang ito. Suriin ang mga sumusunod na halimbawa.

Mas madaling uunlad ang Pilipinas kung ito ay magiging industriyal kaysa agrikultural.

Higit na mahirap na trabaho ang pagiging nars kaysa pagiging guro.

Mapapansin ang mga pahayag ay opinyon lamang ayon sa paniniwala ng taong nagsasalita.

D

Ngayon ay subukin natin kung iyong natutunan ang mga tinalakay na aralin. Gawin mo ang mga sumusunod na gawain.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahin ang maikling sanaysay na may pamagat na “Idolo ng Karaniwang Tao” na sa susunod na pahina. Isulat sa timeline ang mahalagang pangyayari sa buhay ni Pangulong Ramon Magsaysay . Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Si Ramon del Fierro Magsaysay, Sr. ay ipinanganak sa Iba, Zambales noong Agosto 31, 1907. Ang kanyang mga magulang ay sina Exequiel Magsaysay y De los Santos na isang panday at Perfecta del Fierro y Quimson na isang guro.

Nagtapos siya ng elementarya sa Castillejos at sa Zambales Academy. Sa karatig bayan naman sa Narciso siya nagtapos ng sekondarya bilang *salutatorian*. *Natapos niya ang apat na kurso sa komersyo sa Jose Rizal College noong 1932.*

Ang kakayahang mamuno ay naipakita niya noong panahon ng digmaan. Noong 1942, nakipag tulungan sa mataas na pinuno ng military ng Estados Unidos sa pagbuo ng Zambales Guerillas. Ng liberasyon, siya rin ang namahala sa kaligtasan ng ibaba ang Air Strip” dahil kung kayat mataas ang kanyang tungkulin mula pagiging kapitan siya ay naging isang komandante at gobernadora military ng Zambales. Nahalal siyang kinatawan ng Zambales noong 1946 at nahirang na mamuno ng misyon pinagtibay ang “Roger’s Veteran Bill.”

Noong 1953, kumandidato siya at nahalal bilang pinakabatang pangulo ng bansa dahil sa napamahal siya sa sambayanang Pilipino. Bilang pangulo, siya ay ilang ulit na pinarangalan sa ibang bansa dahil sa kanyang kabutihang nagawa. Siya ay maagang pumanaw sa pamamagitan ng pagbagsak ng kanyang sinasakyang eroplano. Dahilan sa ipinakita niyang katapatan at pagmamalasakit sa kapakanan ng mahihirap, tinagurian siyang “Idolo ng Karaniwang Tao.”

1907



1932



1942



1946



1953



E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isalaysay kung paano ka nagsimulang lumaki sa tulong ng iyong mga magulang. Magsimula sa iyong kapanganakan hanggang sa kasalukuyan.

	Napakahusay 5	Mahusay 4	Katamtaman 3	Pagpapaunlad 2	Nangangailangan ng Gabay 1
Krayterya	Napakahusay na inilahad ang timeline ng kanyang paglaki sa pamamagitan ng pagiging malikhain ng pagsulat nito	Mahusay na inilahad ang timeline ng kanyang paglaki sa pamamagitan at may pagkamalikhaing pagsulat nito	Mahusay na nailahad ang timeline ang paglaki ngunit may ilang mga bahaging kulang	Maaari pang paunlarin ang kakayahang makapaglahad o magsulat ng sariling timeline	Nangangailangan ng paggabay sa paglalahad o pagsulat ng sariling timeline

A

Basahin ang talata sa ibaba, magtala ng mga pahayag at suriin kung ito ay nagsasabi ng katotohanan o opinyon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Ang isang bayan ay nagdaraos ng kapistahan bilang paggunita at pasasalamat sa kanilang patron. Katulad sa bayan ng San Pablo na nagdiriwang ng kapistahan tuwing ika 15 ng Enero bilang parangal kay San Pablo Unang Ermitanyo. Subalit bago pa dumating ang mismong kapistahan ay mayroon ng mga kaganapan na nagbibigay saya sa mga taga San Pablo. May mga nakalaang gantimpala sa mga magwawagi. Marahil ang inaabangan ng karamihan ay ang *Street Dancing*. Sa palagay ng karamihan ang paghahanda ng pagkain tuwing araw ng kapistahan ay bilang pasasalamat sa biyayang kanilang tinatanggap.

Mula sa binasa magtala ng mga pahayag suriin kung alin ang nagsasabi ng katotohanan o opinion. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Katotohanan

- a. _____
- b. _____
- c. _____

2. Opinyon

- a. _____
- b. _____

Gamit ng Pang-angkop sa Pakikipagtalastasan at Mga Salitang Magkasalungat at Magkasingkahulugan

Aralin

I

Sa pagkatapos ng araling ito ikaw ay inaasahang matutuhan ang wastong paggamit ng pang-angkop sa pakikipagtalastasan at ang pagbibigay ng mga salitang magkasalungat at magkasingkahulugan.

Ang **pang-angkop** ay mga katagang ginagamit upang pag-ugnayin ang mga magkakasunod na salita sa parirala/pangungusap upang maging madulas o magaan ang pagbigkas ng mga ito.

Ang iba't ibang pang-angkop ay:

1. **na-** ginagamit kapag ang unang salitang iniuugnay sa isa pang salita ay nagtatapos sa katinig maliban sa n.

Halimbawa: bahay na bato
masipag na bata

2. **-ng** - ginagamit kapag ang unang salitang iniuugnay sa isa pang salita ay nagtatapos sa patinig..

Halimbawa: batang iyakin
mahabang buhok

3. **-g** - ginagamit kapag ang unang salitang iniuugnay sa isa pang salita ay nagtatapos sa n.

Halimbawa: awiting masaya
hamong masarap

Ang **salitang magkasalungat** ay pares ng mga salitang magkaiba ang kahulugan o ibig sabihin.

Ang salitang **magkasingkahulugan** ay pares ng mga salitang pareho ang kahulugan o ibig sabihin.

Magkasalungat	Magkasingkahulugan
malaki-maliit	masarap-malinamnam
mataas-mababa	mabango-mahalimuyak
maliwanag-madilim	paaralan-eskwelahan
malalim-mababaw	kama-higaan
malayo-malapit	maganda-marikit

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng **na**, **ng** at **g** ang patlang upang mabuo ang parirala. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel

1. makapal ____ kilay
2. maamo ____ mukha
3. luntian ____ paligid
4. malusog ____ mamamayan
5. masagana ____ ani

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Ibigay ang kasingkahulugan o kasalungat na hinihingi sa salitang may salungguhit sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Nadalian ang mga mag-aaral sa pagsusulit.
Kasalungat: _____
2. Umunlad ang kanilang buhay dahil sa sipag at tiyaga.
Kasingkahulugan: _____
3. Malawak ang halamanan ni Mang Arnold.
Kasalungat: _____
4. Mabilis lumipas ang mga araw.
Kasingkahulugan: _____
5. Madilim na nang umuwi ang mag-anak buhat sa pamamasyal.
Kasalungat: _____
Kasalungat: _____

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Basahin ang putol-putol na parirala. Ibigay ang wastong pang-angkop. Pagkatapos, bumuo ng pangungusap gamit ang nabuong parirala.

1. dakila bayani = _____
2. luntian dahon = _____
3. ibon umaawit = _____
4. mataas marka = _____
5. tahimik bayan = _____

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Ibigay ang hinihinging kasingkahulugan o kasalungat ng bawat salita. Gamitin ang pares ng salita sa pangungusap

1. malinaw (kasalungat)

2. matalino (kasingkahulugan)

3. mabait (kasalungat)

4. mayaman (kasingkahulugan)

5. malamig (kasingkahulugan)

A

Mula sa mga mahahalagang kasanayan na iyong natutuhan sa aralin, punan ang patlang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Ang _____ ay mga salitang ginagamit natin sa pag-uugnay ng dalawang salita. Pinag-uugnay nito ang mga salita at mga salitang panuring o naglalarawan tulad ng pang-uri at pang-abay. Ang mga ito ay ang _____, _____ at _____.

Ang _____ ay pares ng mga salitang pareho ang kahulugan o ibig sabihin. Samantalang ang _____ ay pares ng mga salitang magkaiba ang kahulugan o ibig sabihin.

Binabati kita at natapos mo ang mga pagsasanay!

Pagtukoy sa Simuno at Panag-uri at Pagbibigay ng Angkop na Pamagat sa Tekstong Napakinggan

I

Aralin

Sa araling ito ay matututuhan mo ang pagtukoy kung alin ang simuno at panaguri sa pangungusap at ang wastong paraan ng pagbibigay ng angkop na pamagat sa tekstong napakinggan. Ang pangungusap ay may dalawang bahagi ito ay ang **simuno at panaguri**.

Ang **simuno** ay tumutukoy sa paksa o pinag-uusapan sa pangungusap.

Ang **panaguri** ang nagsasabi o nagsasabi ng tungkol sa simuno.

Halimbawa :

Si Andres Bonifacio ay nagpamalas ng kanyang labis na pagmamahal sa bansang Pilipinas .

Pansinin ang mga salitang may salungguhit ay ang buong simuno samantalang ang mga salitang nakahilig naman ay ang buong panaguri.

Sa pagbibigay ng angkop na pamagat sa tekstong napakinggan alamin muna ang paksang-diwa o paksang pangungusap.

- Ang mga ito ay nagbibigay ng ideya sa pagpili ng pamagat. Ang pangunahing diwa ang pinakabuod ng mga pangyayari sa teksto, talata o kuwento.
- Ang paksang pangungusap ang pinagtutuunan ng mga detalye upang mabuo ang pangunahing diwa ng talata o kuwento.
- Ginagamit ang malaking letra sa mahahalagang salita sa pamagat ng talata o kuwento. Ang unang salita sa pamagat ay sinimulan din sa malaking titik.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Salungguhitan ang buong simuno at bilugan ang panag-uri sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang paninigarilyo ay nagdudulot ng sakit sa puso ,baga at sa iba pang bahagi ng katawan.
2. Mas makakaiwas sa mga nakakahawang sakit ang mga sanggol na binakunahan.
3. Ang mga sentrong pangkalusugan ng pamayanan ay nagbibigay ng libreng bakuna sa mga sanggol.
4. Ang pagpapanatili ng kalusugan ng mga bata ay tungkulin ng mga magulang.
5. Sinusubaybayan ng mga magulang ang paglaki at kalusugan ng kanilang mga anak.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa tulong ng iyong magulang o kasama sa bahay, ipabasa ang teksto sa bawat bilang. Ibigay ang angkop na pamagat. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

Hindi lingid sa ating kaalaman na nagiging problema sa ating panahon ang tungkol sa basura. Karaniwang problema din ang pagsusunog ng basura sa paligid ng bahay pagkatapos silang walisin at ipunin sa isang tabi. Ang suliranin sa pagtatapon ng basura ay isa lamang sa maraming usaping pangkalikasan, at ito ang totoong kaakibat ng pag-unlad ng lipunan.

Pamagat: _____

A

Punan ang patlang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Mahalagang alamin ang _____ ng teksto sa pagbibigay ng pamagat nito. Ang _____ ang Paksang tinatalakay ng mga pangyayari sa talata o kuwento. Ang dalawang bahagi ng pangungusap ay _____ at _____. Ang simuno ay ang _____ at ang panaguri naman ang _____ sa paksa o simuno.

Pagsulat ng Sulating Pormal at Di-Pormal sa Anyong Email

Aralin

I

Naranasan mo na bang magpadala ng liham o e-mail sa iyong kaibigan o kamag-anak? Sa araling ito ay iyong matututuhan ang pagsulat ng sulating pormal at di pormal sa inyong e-mail.

Ang **liham** ay nakasulat na komunikasyon para sa isang tiyak na patutunguhan nito.

May dalawang uri ng liham:

1. **Pormal na liham**- Ito ay ang uri ng liham na karaniwan ay pili at pormal ang salitang ginagamit. Taglay nito ang malinaw na pagkakahad ng intensyon ng sumulat sa pinadadalhan ng liham. Ginagamit ang liham na ito sa pakikipag-ugnayan sa mga tanggapan, aplikasyon sa trabaho, pangangalakal at iba pa.

Isa sa halimbawa ng pormal na liham ay ang liham na nagmumungkahi.

Ang **liham na nagmumungkahi** ay isang uri ng pangangalakal. Ginagamit ang liham pangangalakal sa pakikipag-ugnayan sa tanggapan, sa mga bahay-kalakal, at iba pa.

456 Kalye Laong-Laan
Sampaloc, Lungsod ng Maynila
Mayo 30, 2016

G. Mare de Guia
Tagapaglahatla
Kubling Yaman Publishing House, Inc.
265 Laye Donya Hemady
Lungsod Quezon

Mahal na Ginoo:

Nabasa ko po ang inyong artikulo tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran. Bilang isang bata sa kasalukuyan, nais kong ibahagi ang aking mungkahi na maaaring gawin ng mga kabataan na tulad ko na makatutulong sa pangangalaga sa ating kalikasan.

Nais ko pong imungkahi na makatutulong ang pagtanim ng mga puno at halaman upang magkaroon tayo ng malinis na hangin. Makatutulong din po ang pag-iwas na itapon sa daan ang mga balat ng kendi at pagkain.

Sana po ay inyong mabigyang pansin ang aking mungkahi.

Maraming Salamat po.

Gumagalang,

Liezel H. Magtanggol
Mag-aaral sa Ikalimang Baitang

2. **Di Pormal na Liham**- Ito ang uri ng liham na karaniwang ginagamit sa pagsulat sa isang kaibigan o kamag-anak. Hindi pormal ang salitang ginagamit dito.

Tingnan ang halimbawa sa ibaba ng isang di pormal na liham:

<p>Mahal Kong Kaibigan,</p> <p>Kumusta ka na kaibigan? Matagal- tagal na rin na hindi tayo nagkikita. Ako ayos naman. Sabik na ako na ipagdiwang ang aking ika -11 kaarawan sa darating na Mayo 1. Tanda mo pa ba ? Magkakaroon ng salo-salo dito sa aming tahanan sa ganap na ika- 2 ng hapon. Sana ay makapunta ka at ng tayo ay magkakuwentuhan. Ingat ka palagi.</p>	<p>818 Villa Sol 1 Subdivision Brgy. Labuin, Pila, Laguna Ika- 15 ng Enero, 2022</p> <p>Ang nagmamahal mong kaibigan, Angela</p>
--	--

Sa panahon ngayon, napapadali na ang pagsasaliksik at pakikipag-usap sa ibang tao sa tulong ng internet. Ang e-mail o electronic mail ay isang mabilis na paraan upang makipag-ugnayan sa isang tao kahit nasa malayong lugar.

Sa pagpapadala ng e-mail, isaalang-alang ang sumusunod:

- Sa kahon ng **“To”** ilagay ang email address ng susulatan. Ito ang halimbawa ng e-mail address: *anasantos@gmail.com*.
 - Sa kahon ng **“Subject”**, ilagay ang paksa ng iyong e-mail.
 - Isulat ang iyong mensahe.
 - Huwag kalimutang maglagay ng bating panimula, bating pangwakas, at lagda. Dahil ito ay ipadadala bilang e-mail, hindi na kailangang ilagay ang petsa at pamuhatan.
 - I-click ang send upang ipadala ang iyong e-mail.
- Sa pagsulat ng email, tandan ang sumusunod na mga paalala:

Mga Paalala sa Wastong Paggamit ng E-mail

1. Baybayin nang buo ang bawat salita. Gumamit ng bantas at malalaking letra kapag kailangan.
2. Maging magalang sa iyong pagsusulat. Gumamit ng bating panimula at bating pangwakas.
3. Hindi pribado ang e-mail kaya mag-ingat sa iyong mga sasabihin.
4. Iwasang magbukas ng e-mail mula sa taong hindi mo kilala, Ipakita ito sa guro o magulang.
5. Iwasan ang pag-click o pagbubukas ng mga link mula sa taong hindi mo kilala. Ipakita ito sa guro o magulang.
6. Kapag may natanggap na e-mail, tumugon sa lalong madaling panahon.

Mula sa iyong sinagutang gawain, alin sa dalawang e-mail sa itaas ang pormal na sulatin? Ang di pormal na sulatin? Ano ang iyong naging batayan sa pagtukoy kung alin ang pormal at di pormal na sulatin?

Saang bahagi ng e-mail ilalagay ang e-mail address? Ang paksa ng liham? Ang nilalaman ng liham?

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Basahin at unawain ang bawat panuto sa ibaba. Tingnan ang rubriks na magsisilbing gabay sa pagsasagawa ng gawain.

1. Ipagpalagay mong ikaw ay magpapadala ng e-mail na nagbibigay mungkahi sa pagpapaganda ng kapaligiran sa punong barangay. Gamitin ang impormasyon sa ibaba. Ipadala ang iyong e-mail sa sumusunod na e-mail address: (e-mail address ng guro). Ilagay ang sumusunod na paksa sa “Subject” ng e-mail: Pormal na Sulatin-Iyong Buong Pangalan. Gamitin ang template ng E-mail sa pagsagot sa gawain.

Mga Mungkahi sa Pagpapaganda ng Barangay

1. Pagtatanim ng halaman
2. Paglilinis ng Paligid
3. Paglilinis ng kanal at estero
4. Paglalagay ng basurahan sa gilid ng daan
5. Pag-aalis o pagtatanggal ng mga damo sa gilid ng daan

Rubrik sa Pagsulat sa Anyong E-mail

<u>Nilalaman</u>	5	4	3	2	1	Puntos
<u>Pagsunod sa uri at anyo ng liham na hinihingi</u> • May bating panimula, bating pangwakas	<u>Lubusang nakasunod sa uri at anyong hinihingi</u>	<u>Mahusay na nakasunod sa uri at anyo ng hinihingi</u>	<u>Nagpakita ng pagsunod sa uri at anyong hinihingi</u>	<u>Bahagyang nagpakita ng pagsunod sa uri at anyong hinihingi</u>	<u>Hindi nakapagpakita ng pagsunod sa uri at anyong hinihingi</u>	
<u>Paggamit ng bantas, malaki at maliit na titik</u>	<u>Walang mali sa paggamit ng bantas, malaki at maliit na titik</u>	<u>May 1-2 maling paggamit ng bantas, malaki at maliit na titik</u>	<u>May 3 maling paggamit ng bantas, malaki at maliit na titik</u>	<u>May 4 na maling paggamit ng bantas, malaki at maliit na titik</u>	<u>May 5 maling bantas, malaking titik at maliit na titik</u>	
<u>Paggamit ng mga salita</u> • Gumamit ng magalang at angkop na salita	<u>Wastong-wasto ang mga ginamit na salita</u>	<u>Wasto ang mga ginamit na salita</u>	<u>May 1-2 di angkop o magalang na salitang ginamit</u>	<u>May 3-4 na di angkop o magalang na salitang ginamit</u>	<u>Di angkop, o di magalang ang mga salitang ginamit.</u>	



Sumulat ka sa iyong kaibigan upang ikuwento o ibahagi ang iyong karanasan sa pag-aaral ngayong panahon ng pandemya. (Ilagay kung paano ka nag-aaral at ang iyong nadarama dahil sa pagbabago ng pamamaraan sa pag-aaral ngayong panahon ng pandemya).Matapos ito ay ipadala ang e-mail sa iyong guro upang matasa ang iyong natutuhan. (online). Maari rin naman na kopyahin ang template ng E-mail sa sagutang papel at dito na lang isulat ang sagot

New Message _ * ✕

To Cc Bcc

Subject

↶ ↷ Sans Serif ▼ T ▼ B I U A ▼ ☰ ▼ ☷ ▼ ☹ ▼ ☺ ▼ ☹ ☷ ✕

Send ▼ A 📎 🔄 😊 📎 📱 📎 ✎



Paggamit ng Pangkalahatang Sanggunian sa Pagsasaliksik Tungkol sa Isang Isyu at Pagbibigay ng Datos sa Forms o Polmularyo

I

Aralin

Inaasahan na pagkatapos ng aralin na ito ay magagamit mo nang wasto ang pangkalahatang sanggunian sa pagsasaliksik tungkol sa isang isyu o paksa at makapagbibigay ka ng mga datos na hinihingi sa isang form o polmularyo. Handa ka na bang matutuhan ang mga ito? Simulan na natin. Ang Pananaliksik ay isang sistematikong pamamaraan ng pagkokolekta , pag-oorganisa at pagsusuri ng wastong impormasyong tungkol sa isang paksa o isyu.

Mga Sanggunian at ang mga Impormasyong Makukuha



Diksiyonaryo - Kahulugan, baybay, pagpapatig, at pinagmulan ng mga salita. Malalaman din kung sa aling bahagi ng pananalita kabilang ang salita. Nakaayos ito ng paalpabeto.

Tesawro - Kasingkahulugan at kasalungat ng mga salita

Atlas - Mga mapa at impormasyon tungkol sa isang lugar, gaya ng lawak, layo, populasyon, anyong-lupa at anyong-tubig

Almanake/ Almanac - Taunang talaan o kalendaryo ng mga mahalagang petsa at datos ng impormasyon na nagyari sa aktuwal na pagkakataon

Peryodiko/Pahayagan Balita - napapanahong impormasyon, o patalastas tungkol sa isang lugar o espesyal na paksa. Maaaring maglabas ng bagong isyu sa bawat araw, linggo, buwan o taon.

Ensiklopedya - Ito ay kalipunan o set ng mga aklat na nagtataglay ng mga impormasyon tungkol sa iba't ibang paksa. Kinapapalooban ito ng malawak at komprehensibong mga artikulo tungkol sa isang bagay, tao, pook, o pangyayari.

Internet - teknolohiyang maaaring pagkunan ng impormasyon gamit ang kompyuter, tablet o piling telepono.

Mapa - isang palapad na drowing ng mundo o bahagi nito.

Globo - isang replika o modelo ng mundo.

Anuman ang sangguniang pipiliin, mahalagang tiyakin na maaasahan ang pinagmulan ng impormasyon. Hangga't maaari, gumamit ng dalawa o higit pang sanggunian sa pananaliksik.

Kaugnay ng paggamit ng mga pangkalahatang sanggunian sa pananaliksik ang pagpunta sa isang silid-aklatan ay makatutulong nang malaki. Sa isang silid-aklatan, mahalaga na alam mo kung paano makapagbigay ng mga datos sa mga hinihinging form o polmularyo para sa kanilang talaan.

Ang form o polmularyo ay dokumentong may kailangang punan batay sa hinihingi nitong impormasyon. Tandaan lamang na dapat makatotohanan ang mga impormasyong ibibigay at ito ay may wastong baybay.

Halimbawa ng form o polmularyo:

Pangalan:	Edad:
Tirahan:	
Petsa ng Kapanganakan:	Lugar ng Kapanganakan:
Pangalan ng Ama:	
Pangalan ng Ina:	

D

Gawain sa Pagkatuto 1: Tukuyin sa Hanay B ang sangguniang dapat gamitin upang matugunan ang hinihingi sa bawat bilang sa Hanay A. Piliin ang sagot at isulat ito sa iyong kuwaderno

A

1. Matatagpuan ang pinakamataas na bundok sa buong mundo.
2. Kahulugan ng salitang mapagkakatiwalaan
3. Pinakasikat na pelikula noong taong 2020
4. Iba't ibang uri ng Pamahalaan
5. Napapanahong Balita sa ating bansa

B

- A. Almanac/almanake
- B. Atlas Diksiyonaryo
- C. Diksiyonaryo
- D. Ensiklopedya
- E. Peryodiko/Pahayagan

Gawain sa Pagkatuto 2: Isipin mong ikaw ay dadalo sa isang patimpalak sa pagsulat ng sanaysay sa inyong paaralan at binigyan ka ng isang form o polmularyo na dapat mong punan ng impormasyon tungkol sa iyong sarili. Kopyahin ang form sa iyong sagutang papel at punan mo ito nang wastong impormasyon.

Talaan ng Kalahok sa Pagsulat ng Sanaysay		
Pangalan: _____		
Apelyido	Unang Pangalan	Gitnang Inisyal
Paaralan: _____		
Baitang: _____	Seksyon: _____	
Tagapagsanay: _____		
Kalahok Bilang: _____	Kategorya: (English o Filipino)	

E

Gawain sa Pakatuto Bilang 3 : Basahin ang talata. Tukuyin kung anong sanggunian ang gagamitin sa bawat katanungan. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

GABRIELA SILANG

Si Gabriela Silang ay ang unang Pilipinong babae na namuno sa isang paghihimagsik noong kolonisasyon ng mga Kastila. Nang namatay ang asawa niyang si Diego Silang, ipinagpatuloy niya ang pinaglalaman ng asawa.

Siya ay ipinanganak bilang Maria Josefa Gabriela Cariño Silang noong Marso 19, 1731 sa Santa, Ilocos Sur. Magiting na lumaban si Diego sa mga Kastila at napalaya ang Vigan. Sila ay nanirahan sa Vigan magmula noong Setyembre, 1762, hanggang sa matatay si Diego.

Ang naudlot na pakikipaglaban ni Diego Silang ay buong giting niyang ipinagpatuloy. Subalit sa kasamaang palad, ang kanyang puwersa ay nawalang laban sa libu-libong lakas ng mga Kastila. Si Gabriela ay dinakip at binitay noong ika-20 Setyembre 1763. Siya ay tinaguriang Unang Babaeng Heneral at Unang Babaing Martir dahil sa kanyang katapangan at kagitingan para sa bayan.

Mga Tanong:

- _____ 1. Ano ang kasingkahulugan ng salitang kagitingan?
- _____ 2. Nais mong malaman ang iba pang mga pangyayari sa taong 1763? Anong saggunian ang iyong gagamitin?
- _____ 3. Saang bahagi ng bansa matatagpuan ang Vigan?
- _____ 4. Paano mo papantigin ang salitang kolonisasyon?
- _____ 5. Iba pang artikulo tungkol kay Gabriela Silang

Gawain sa Pagkatuto 4: Ibigay ang mga datos na hinihingi ng polmularyong pampaaralan. Gawing gabay ang rubrik sa pagsasagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Paaralan: _____
Pangalan: _____
Baitang: _____ Edad: _____
Petsa ng Kapanganakan: _____
Tirahan: _____
Pangalan ng Magulang: _____
Ama: _____
Ina: _____

RUBRIKS SA PAGSAGOT NG FORM


Nilalaman	Puntos
Naibigay lahat ang mga impormasyong hinihingi ng form na may tamang baybay at maayos na pagkakasulat	5
Bahagyang naibigay ang mga impormasyong hinihingi ng form ngunit may tamang baybay at maayos ang pagkakasulat	4
Hindi masydong naibigay ang mga impormasyong hinihingi ng form ngunit may tamang baybay at maayos ang pagkakasulat.	3
Mapaghuhusay pa ang pagbibigay ng mga impormasyong hinihingi ng form o polmunaryo ng may tamang baybay at maayos ang pagkakasulat	2
Nangangailangan pa ng pantulong ng pagsasanay upang makapagbigay ng mga hinihinging impormasyon ng form o pulmonaryo	1

A

Punan ang patlang. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

Sa pagsasaliksik, kailangan kong gumamit ng mga _____ dahil dito matatagpuan ang sagot sa halos lahat ng tanong. Kinakailangan ko ring taglayin ang mga katangiang gaya ng _____ at _____ sa paggamit ng mga ito.

Ang _____ ay dokumentong may kailangang punan batay sa hinihingi nitong impormasyon. Tandaan lamang na dapat _____ ang mga impormasyong ibibigay at ito ay may wastong baybay.



Susi sa Pagwawasto

WEEK 1

5. mabuti
4. mamayang gabi
3. Manila Bay
2. himay-himay
1. masiglang
Gawain sa Pagkatuto 1

WEEK 2

5. Paano
4. Bakit
3. Saan
2. Ano
1. Sino
Gawain sa Pagkatuto 1

5
1
3
4
2
Gawain sa Pagkatuto 2

WEEK 5

5. ng
4. na
3. s
2. ng
1. na
Gawain sa Pagkatuto 1

5. maliwanag
4. matulin
3. makipot, makitid
2. umasenso
1. nahirapan
Gawain sa Pagkatuto 2

WEEK 6

5. Sinusubaybayan ng mga magulang ang paglaki at kalusugan ng kanilang mga anak.
4. Ang pagpapantali ng kalusugan ng mga bata ay tungkulin ng mga magulang.
3. Ang mga sentrong pangkalusugan ng pamayanan ay nagbibigay ng libreng bakuna sa mga sanggol.
2. Mas makakaitwas sa mga nakakahawang sakit ang mga sanggol na binakunahan.
1. Ang pamilyarilyo ay nagdulot ng sakit sa puso, baga at sa iba pang bahagi ng katawan.
Gawain sa Pagkatuto 1

WEEK 7

1. Pormal
2. Di - Pormal
Gawain sa Pagkatuto 1

WEEK 8

5. E
4. D
3. A
2. C
1. B
Gawain sa Pagkatuto 1

PIVOT Assessment Card for Learners

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsasagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinao o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto


Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.

Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.



Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

